LIGHT READING
customer newsletter

Setyembre/ Oktubre 2007

Seattle Climate Action Now

Maaari tayong Magkasamang magtrabaho

Ni Alkalde Greg Nickels

Dito sa Seattle, patuloy ang paglaganap ng kaalaman na ang "global warming" ay di lamang suliranin ng susunod na generasyon. Ito ay banta sa ating planeta na dapat pagtuunan ng pansin ngayon.
Para sa karamihan, ang tanong ay, "Ano ang aking magagawa upang mapigilan and "global warming?". Kasalukuyang mapapadali ang kasagutan.

Ngayong Setyembre ay sisimulan ang **Seattle Climate Action Now**, ang programang ito ay magbibigay sa mga mamamayan ng Seattle ng kinakailangang kasangkapan upang totohanang simulan ang pagbabago sa tahanan, trabaho o sa kalsada. Ito ay magbubuklod sa iyo sa kalapit bahay, sa kabilang kalsada at sa ibayong baryo na kumilos upang protektahan ang klima.

Madali lamang ang pagsali. Ang aming bagong website ay mabibigyang buhay sa Setyembre 21. Bisitahin ang **www.SeattleCAN.com** at iyong matutunan ang mga bagong simpleng hakbang. Tuklasin ang mga oportunidad sa iyong kapitbahayan. At ikaw ay magkaroon ng koneksiyon sa ibang mamamayang naglalayong gawing pinaka "climate-friendly city" ang Seattle sa buong bansa.

Ito ang Tatlong Madaling Paraang Makatulong.

1. *Pihitin* at Makatipid **sa paggamit ng "compact fluorescent" (CF) na bumbilya**
Simple lamang piliin ang CF na bumbilya dahilan sa ito ay gumagamit lamang ng kulang-kulang 75 porsiyento ng enerhiya upang maghatid ng parehong halaga ng ilaw kumpara sa "incandescent" na bumbilya.
Ang "Seattle City Light" ay sasagot sa diskwento o bawas para sa Energy Star CF na bumbilya na maaaring mabili sa mga sumusunod na tindahan: Bartell Drugs, The Home Depot at Costco Wholesale. Bisitahin lamang ang **www.seattle.gov/light/conserve** o tumawag sa telepono **(206) 684-3800** para sa pinaka-bagong listahan ng kalahok na tindahan at impormasyon ukol sa estilo ng bumbilya, *"wattages*" at presyo.

2. Libreng "showerhead offer" ay magtatapos sa Oktubre 31
Tumatakbo ang oras sa handog para sa isang pamilyang residente na sasagutin ng Seattle City Light at ibang local na utilidad. Itong mga mas produktibong "showerheads" ay maaaring magbigay ng 20 porsyentong sobrang tubig at "energy savings" kumpara sa ibang kagamitan na maaaring mabili. Kung iyong nawala o di nakuha ang iyong "mail-back offer," maaaring tawagan lamang ang **(206)838-5392** para ipadala, o bisitahin ang **www.savingwater.org.** Ang mga tagatangkilik na nasa "utility rate assistance" ay maaaring makakuha ng libreng kabit.

3. Neighborhood Climate Protection Fund – Kapitbahayang Pondo para sa Proteksyon sa Klima
Kung tayo ay sama-samang nagtratrabaho, tayo ay makakaisip ng solusyon na hindi natin magagawa ng nag-iisa. Ang "City's Neighborhood Matching Fund" ay sumusuporta sa iyo at sa iyong kapitbahay para maisabuhay ang proyekto para sa proteksiyon ng klima. Tumawag lamang sa telepono **(206) 684-4520** o bisitahin ang www.seattle.gov/neighborhoods/nmf/climate.htm para mas maraming impormasyon.

LIGHT READING
customer newsletter

Panatilihing Buhay ang Ilaw sa Kalsada – "Keeping the streetlights on"

Ang "City Light Crew" ay nagtratrabahong mabuti upang mapanatili ang kaayusan sa 100,000 na ilaw sa kalsada. Aming pinasasalamatan ang inyong tulong sa pagsumbong sa problema ukol sa ilaw sa kalsada. Maaari ninyong isumbong ang sira sa ilaw sa kalsada sa **www.seattle.gov/light/streetlight** o itawag sa telepono **(206)684-7056.**

Maaari kaming makakilos ng mas mabuti kung inyo kaming bibigyan ng detalyadong impormasyon:

- Isumbong ang numero ng poste – dilaw na numero mula isa hanggang lima na matatagpuan na nakasulat sa anim hanggang sampung pulgada sa taas ng poste.
- Ibigay ang numero ng lokasyon ng pinakamalapit na gusali, kasama ang pangalan ng kalsada at direksyon. Halimbawa: 1234 5th Avenue S.
- Ipaliwanag ang problema. Halimbawa, ang ilaw ay bukas, sara o kumikislap.

Ang pana-panahong pagpapalit ng bumbilya ay natatapos sa loob ng apat na araw sa "Fall o panahon ng Tag-lagas" at labing-pitong araw sa "Winter" o panahon ng Tag-yelo kung saan mas maraming problema ang naisusumbong.
Mayroong mga sira na mas grabe at nangangailangan ng mas mahabang panahon para maisaayos. Sa panahon ng bagyo, maaari lamang dagdagan ang pasensiya. Ang aming trabahong dapat ayusin ay maaaring magka-patong patong habang ang aming streetlight crews o manggagawa ay pansamantalang nalilipat upang tumulong sa pag-ayos ng aming sistemang pang-elektrikal.

Kailang sinusukat ang iyong singil?

Sinusukat ng City Light ang paggamit ng elektrisidad kung tayo ay walang paraan na basahin ang metro o kung ang ating sistema sa singil ay kapansin pansin na nasa labas ng dapat na sukat batay sa nakaraang paggamit.

Aming sinusukat ang paggamit batay sa dating gamit upang malaman ang bawas at mababang singil. Samantalang paminsan minsan ay nasusukat ang singil na masyadong mataas o mababa. Kapag ang taga-tangkilik ay nabigyan ng mababang singil, sila ay sisingilin muli at bibigyan ng konting oras para bayaran ang kakulangan sa naibayad at sa nararapat na kabayaran. Kapag ang mga taga-tangkilik ay siningil ng mas malaki, amin silang bibigyan ng palugit batay sa sobrang kabayaran. Kung ikaw ay may katanungan, tumawag lamang sa **(206)684-3000** at kausapin ang tagapamahala ng mga taga-tangkilik. Para sa taga-tangkilik na iba ang salita maliban sa English, mayroong tagapagsalin sa English mula Lunes hanggang Biyernes, mula 7:30 ng umaga hanggang 6 ng hapon. Kapag ang iyong metro ay naka-kandado sa loob ng pinto at di pa naaayos ang paraan ng pagbasa ng metro, maaari lamang tawagan ang **(206)386-1731.**

Ang balitang ito ay maaaring makuha sa ibang lingguahe kung kinakailangan. Naisalin na impormasyon ukol sa balitang ito ay maaaring makuha sa Spanish, Vietnamese, Chinese, Somali , Tagalog at Korean. Maaaring tumawag lamang sa telepono (206) 684-3000.
Seattle City Light, 700 Fifth Avenue, Suite 3200. PO Box 34023, Seattle WA 98124-4023. Web: **www.seattle.gov/light**
Editor: Marilyn Mar E-mail: marilyn.mar@seattle.gov